Inihahandog ng
Bibliya Para sa mga Bata

Ang mga Lalaking Hindi Yumukod

Isinulat ni: Edward Hughes

Inilarawan ni: Jonathan Hay

Ibinagay ni: Mary-Anne S.

Isinalin ni: Christine Cornejo

Inilimbag at ipinamamahagi
ng Bible for Children
www.M1914.org

©2011 Bible for Children, Inc.
Pahintulot: Ang materyal na ito ay maaaring makopya o malimbag, ngunit hindi maaaring ipagbili.

Nagpagawa si Haring Nebukadnezar ng isang malaking rebulto. Ito ay gawa sa ginto mula ulo hanggang paa.



Maaring nakalimutan na ng hari ang panaginip mula sa Diyos na nagsasabing ang kanyang kaharian ay may wakas.



Maaring naisip ng hari na kung ang buong rebulto ay gawa sa ginto, baka hindi magkatotoo ang kanyang panaginip.



Isa sa mga tagapaglingkod ng hari ang nagbasa ng utos sa lahat ng tao:

"... lahat kayo ay yuyukod at sasamba sa gintong rebulto ... ang hindi yumukod at sumamba ay agad na ihahagis sa nagliliyab na pugon."



Lahat ng tao ay sumunod sa utos ng hari, maliban sa tatlong lalaki. Ang mga taong ito ay Hebreo.

Sila ay si Sadrac, Meshac, at Abednego, ang mga kaibigan ni Daniel.

Tila si Daniel ay wala noong panahong iyong, ngunit tiyak na siya rin ay hindi sasamba sa isang idolo na gawa lamang ng tao.



Ang mga tagapayo ng hari ay naninibugho kay Daniel at sa kanyang mga kaibigan, dahil sila ay malapit sa hari.

Kaya't kanilang sinabi, “May tatlong tao na iyong inilagay bilang tagapamahala sa Babilonia - Sadrac, Meshac at Abednego.

Ang mga taong ito, mahal na hari, ay hindi sumunod sa inyo. Hindi sila sumamba sa gintong rebulto na inyong pinagawa."

Si Haring Nebukadnezar ay napuno ng galit. Sila ay binigyang babala, "Kung hindi kayo sasamba, kayo ay ihahagis sa nagliliyab na pugon. At sinong diyos ang magliligtas sa inyo."

Ang hari ay nagkakamali.
Binibigyang hamon niya ang tunay
na Diyos. Alam ng tatlong Hebreo
na laban sa utos ng Diyos
ang pagsamba sa
isang rebulto.

Sila ay nanatiling nakatayo. Dahil sila ay may tiwala sa Diyos, sila ay walang takot sa hari.

Ang tatlong matapang na lalaki ay may sagot sa hari.



"Ang pinaglilingkuran naming Diyos ay kaya kaming iligtas sa naglalagalab na pugon.



Ngunit kahit hindi Niya gawin iyon, makatitiyak po kayo na hindi kami yuyukod sa inyong gintong rebulto."



Galit na
galit si Haring
Nebukadnezar!
Iniutos niya na
pitong ulit pang
lakasan ang
apoy ng pugon.



Ngunit, ang mga lalaki ay ayaw pa ring sumamba at yumukod.



Iniutos ng hari
na itali sina
Sadrac, …

… Meshac at Abednego,
at sila ay
ihagis sa
umaapoy

na
pugon.



Sa sobrang init ng pugon,
ang mga guwardiyang
naghagis sa tatlo
ay nasunog din
ng apoy.

Ang hari ay nanood sa malayo. Nakita niya ang tatlong taong hinagis sa gitna ng nagliliyab na pugon. Ngunit hindi lang ito ang kanyang nakita.

Ang hari ay nagtaka nang labis!



“Hindi ba’t tatlong lalaki na nakatali ang hinagis natin sa gitna ng apoy?” tanong niya sa kanyang mga lingkod.
“Opo,” sagot nila.

Sabi ng hari,
"Tignan ninyo!
Apat na lalaki
ang nakikita
kong
naglalakad
sa gitna
ng apoy.



Sila ay hindi nakatali at hindi nasasaktan. At ang ikaapat ay mukhang Anak ng Diyos!"



Lumapit sa pinto
ng pugon ang hari
at sinabi, …

… “Sadrac, Meshac, at Abednego, mga lingkod ng Kataas-taasang Diyos, halikayo at lumabas kayo riyan!”

At lumabas naman ang tatlo.

Lahat ay lumapit at pinagmasdan ang tatlong Hebreo. Nakita nila na hindi sila napaso ng apoy. Ang buhok at ang kanilang damit ay hindi rin nasunog. At sila ay hindi nag-amoy usok.

Nang napagtanto ni Haring Nebukadnezar ang nangyari, siya ay nagdasal, …

… “Purihin ang Diyos nina Sadrac, Meshac, at Abednego, na Siyang nagpadala ng Kanyang Angel upang iligtas ang kanyang mga lingkod na nagtiwala sa Kanya.”

Ang mga Lalaking Hindi Yumukod

isang kuwentong nanggagaling sa Salita ng Diyos, ang Bibliya,

makikita sa

Daniel 3

"Ang bukas ng iyong mga Salita ay nagbibigay ng liwanag." Mga Awit 119:130

Ang Wakas

Sinasabi sa kuwentong ito mula sa Bibliya ang tungkol sa ating kahanga-hangang Diyos na Siyang lumikha sa atin at nais Niya na makilala natin Siya.

Alam ng Diyos na tayo'y nakagawa ng masasamang bagay na tinatawag Niyang kasalanan. Ang parusa sa kasalanan ay kamatayan ngunit lubos ang pagmamahal ng Diyos sa atin kaya't ipinadala Niya ang Kanyang Anak na si Hesus na Siyang napako at namatay sa Krus upang pagbayaran ang ating mga kasalanan.

Subalit hindi nanatiling patay si Hesus. Nabuhay Siyang muli at bumalik sa langit! Kung mananampalataya ka kay Hesus at hihingi ng kapatawaran sa iyong mga kasalanan, papatawarin ka Niya. Siya ay darating at mananahan sa iyong buhay magpakailanman.

Kung ibig mong maligtas at mapatawad sa iyong kasalanan, narito ang isang panalangin na maaari mong tularan:

"Mahal kong Diyos, naniniwala po ako na si Hesus ay namatay para sa akin, ngunit Siya ay nabuhay muli. Tinatanggap ko po kayo sa aking buhay at patawarin Ninyo po ako sa aking mga kasalanan upang ako'y magkaroon ngayon ng bagong buhay, at sa isang araw ay makasama Kayo magpakailanman. Tulungan po Ninyo akong mamuhay bilang Inyong anak. Amen."

Basahin ang Bibliya at manalangin sa Diyos araw-araw! Juan 3:16